Mga Impormasyon Tungkol sa Gamot

3TC (lamivudine, Epivir)

Huling binago noong September 2003

Bakit ako pinaiinom ng 3TC?

- Ang 3TC (tinatawag ding Lamivudine) ay isa sa mga gamot na iniinom laban sa HIV infection.
- Ang 3TC ay nilalaman din ng mga gamot na panlaban sa HIV na Combivir at Trizivir.
- Hinaharang ng 3TC ang protinang "Reverse Transcriptase", kaya ito ay kasama sa pangkat ng mga gamot na tinatawag na "Reverse Transcriptase Inhibitors" (RTI). Kailangan ng HIV virus ang protinang ito upang magparami. Upang mapabagal ang paglala ng HIV infection, kailangang pigilin ang protinang ito.
- Ang pag-inom nito ay makababawas ng HIV virus sa katawan mo. Maiiwasan ang pagkakaroon ng AIDS-related na mga sakit, mapananatiling malusog ka nang mas matagal na panahon, at mababawasan ang pagkasira ng iyong immune system.

Paano iniinom ang gamot na ito?

- Ang 3TC ay maaring nasa 150mg na tableta o liquid form na 10 mg per c.c.
- Ang kadalasang pag-inom nito ay 150mg dalawang beses sa maghapon. Kung may sakit ka sa bato, maaaring ibahin ang dosage.
- Maaaring inumin ito nang mayroon o walang laman ang tiyan..
- Ang liquid na 3TC ay may kahalong asukal. Magsipilyo pagka-inom ng 3TC upang maiwasan ang pagkabulok ng mga ngipin. Kung ikaw ay may diyabetis, ang blood sugar mo ay maaaring maapektuhan nito.
- Panatilihing tuyo at nasa room temperature ang 3TC. Ang liquid form nito ay dapat itago sa lugar na hindi tataas sa 25 degrees celcius. Hindi dapat ilagay sa banyo o sa kusina, dahil maaaring mawalan ng bisa ito kapag namasa.
- Itabi sa isang lugar na hindi maaabot ng mga bata.

Paano kung malimutan ko itong inumin?

- Inumin ito kaagad sa sandaling maalala mo. Kung ang susunod na inom ay sa loob ng 2 hours, sundin na lamang ang dating schedule. Huwag dodoblehin ang inom.
- Napatunayan sa mga recent studies na para umepekto ang mga gamot laban sa HIV kailangang regular ang pag-inom nito. Kung hindi, maaaring mawala ang bisa ng mga gamot, at ang virus ay maaaring mag-iba at maging resistant

Anu-ano ang mga side effects ng 3TC?

- Karamihan ng mga side effects ng 3TC ay bahagya at di-kalimitan, gaya ng: pananakit ng ulo, pananakit ng sikmura, pagtatae, lagnat, rash, pagkapagod, paglulugon ng buhok at pamamanhid ng mga kamay at paa
- Kung nakakaranas ka ng mga side effects na ito, kumunsulta sa doktor o parmasyutika.
- Huwag ititigil ang gamot hangga't hindi kumukunsulta sa doktor o parmasyutika. Maaaring

mayroon silang maimumungkahi at magagawang paraan nang hindi ititigil ang gamot.

- Bagama't di madalas mangyari, maaaring bumaba ang white blood cells nang dahil sa 3TC (na maaaring makadagdag sa panganib ng bacterial infection); platelets (na maaaring makadadagdag sa panganib ng pagdudugo); o red blood cells (na nakapagpapapagod at nakapagpapahingal).
- Sa mga bata, bagama't malimit, ang 3TC ay maaaring maging sanhi ng pagkakaroon ng pancreatitis. Ang mga tanda ng pagkakaroon nito ay: biglaan at matinding pananakit ng tiyan, pagduduwal, at pagsusuka. Kung mayroon ka ng mga palatandaang ito, kumunsulta kaagad sa doktor.

Puwede bang inumin ang 3TC na kasabay ng ibang gamot?

- Ang 3TC ay maaaring mag-interact sa ibang gamot. Mahalagang sabihin sa doktor o sa parmasyutika kung anu-anong gamot ang iniinom mo (gayundin ang mga vitamins at herbs).

Puwede bang inumin ang 3TC nang may kasamang alak o street drugs?

- Ipinapayo sa kalahatan na iwasan ang labis na pag-inom ng alak o paggamit ng street drugs habang umiinom ng mga gamot laban sa HIV. Ang alak ay maaaring mag-interact sa mga gamot mo. Huwag palalampasin ang pag-inom ng gamot dahil gusto mong uminom ng alak.

Puwede ba akong uminom ng 3TC kung ako ay buntis o nagpapasuso?

- Ikonsulta sa doktor ang pag-inom ng 3TC kung ikaw ay buntis.
- Ang HIV ay maaaring masalin mula sa gatas ng ina, kung kaya ang ipinapayo sa mga babaeng may HIV ay huwag magpapasuso sa kanilang sanggol.

Anu-ano pa ang dapat kong malaman at pag-ingatan kung imiinom ng 3TC?

- Ang 3TC ay maaaring makaapekto sa iyong bato. Bagama't bihira, kumunsulta ng regular sa doktor at magpa-blood test upang masubaybayan kung maayos ang iyong atay (liver) at bato (kidney).).
- Tiyaking mayroon kang tuluy-tuloy na supply ng gamot.
- Kung mayroon kang sakit sa bato, tiyaking alam ito ng iyong doktor bago simulan ang pag-inom ng 3TC.
- Ang 3TC ay hindi pumapatay sa virus o nagpapagaling sa AIDS. Hindi rin nito pinipigil ang pagsasalin ng HIV. Laging mag-ingat kung nakikipag-sex ka (gumamit ng kondom), o nagdudurog (gumamit ng malinis na karayom).

Copyright @ACAS 2001 & 2003. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.